



RESOLUSYON BLG. 3467

Isang Resolusyon ng Konseho ng Lungsod na sumusuporta sa mga komunidad ng imigrante sa Bend at kinokondena ang kasalukuyang pamamaraan ng pederal na pamahalaan sa pagpapatupad ng imigrasyon.

Mga Natuklasan

- A. Nakatuon ang Lungsod ng Bend sa pagtrato sa lahat ng indibidwal nang may paggalang sa pagbibigay ng mga serbisyo ng lokal na pamahalaan sa mga residente at bisita ng Bend.
- B. Kinikilala at pinahahalagahan ng Lungsod ng Bend ang magkakaibang kontribusyon ng lahat ng indibidwal, at pinagtibay ang pangako nitong itaguyod ang dignidad at respeto ng lahat ng tao anuman ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, etnisidad, katayuan sa imigrasyon o refugee, pamana, kultura, relihiyon, kasarian, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, kakayahan, edad, katayuan sa pabahay, o katayuan sa ekonomiya. Pinagtibay ng Bend ang Resolusyon Blg. 3068 noong 2017 upang itaguyod ang mga pinahahalagahang ito at sumali sa inisyatibo ng Welcoming America.
- C. Bumubuo ng mahalagang bahagi ng komunidad at ekonomiya ng Bend ang mga imigrante, ipinanganak sa ibang bansa, at mga populasyon ng mga refugee, na malaki ang naiaambag bilang mga kaibigan, kapitbahay, manggagawa, may-ari ng negosyo, at mga pinuno ng komunidad at pananampalataya; ipinapaalala nila sa atin na isang pamana na dapat parangalan at isang lakas na dapat protektahan ang imigrasyon.
- D. Kinikilala ng Lungsod ang kahalagahan ng pagbibigay ng impormasyon at mga mapagkukunan sa mga miyembro ng mga komunidad ng mga imigrante sa Bend. Ang Lungsod ay nagpapanatili ng impormasyon at mga mapagkukunan sa website nito, kabilang ang mga link sa mga mapagkukunang inaalok ng mga organisasyon ng komunidad at iba pang mga lokal na kasosyo ng pamahalaan, mga mapagkukunan ng estado at pambansang antas, mga patakarang ng Lungsod na nauukol sa mga paghihigpit ng batas ng estado sa kooperasyon sa pederal na pagpapatupad ng imigrasyon, at mga madalas itanong tungkol sa batas ng Oregon, ang katayuan ng Bend bilang Welcoming City, at iba pang mga paksa. Nagpapanatili ang Lungsod ng impormasyon at mga mapagkukunan dito:
- <https://bendoregon.gov/departments/administration/accessibility-equity/resources-for-immigrants-migrants-and-refugees/>**
- E. Mula noong 1987, pinag-iba ng batas ng Oregon ang pagpapatupad ng batas ng estado at lokal at ang pagpapatupad ng pederal na batas sa imigrasyon sa pamamagitan ng paghihigpit sa kooperasyon sa mga pederal na awtoridad sa imigrasyon at paglilimita kung paano magagamit ang mga pampublikong mapagkukunan para sa pagpapatupad ng imigrasyon. Pinalakas ng Oregon ang mga pagkilalang iyon noong 2021 sa pamamagitan ng HB 3265. Ang isang layunin sa likod ng mga naturang batas ay upang mapahusay ang kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng paghikayat sa mga miyembro ng mga komunidad ng mga imigrante na makipag-ugnayan sa mga lokal na tagapagpapatupad ng batas nang may tiwala sa halip na may takot.
- F. Mga Binagong Batas ng Oregon 180.805 hanggang 180.810, at 181A.820 hanggang 181A.829 ipagbawal sa mga pampublikong ahensiya ang pagsisiwalat ng katayuan sa imigrasyon nang walang warrant ng hukuman, paghigpitan ang mga aktibidad sa pagpapatupad ng imigrasyon sa mga pampublikong pasilidad, at ipagbawal ang paggamit ng mga pampublikong mapagkukunan upang ipatupad



ang pederal na batas sa imigrasyon maliban sa ilalim ng maselang mga pangyayari. Sumusunod ang Lungsod sa batas ng estado, at pinagtibay kamakailan lamang ang Patakaran sa Administratibo CF-0003, Mga Pagbabawal sa Paggamit ng mga Pasilidad ng Lungsod para sa Pagpapatupad ng Imigrasyon, na may pangunahing layunin na magbigay ng gabay para sa mga kawani kung paano tutugon, alinsunod sa batas ng estado, kung sakaling may makasalubong na mga tauhan ng pederal na tagapagpatupad ng imigrasyon sa ari-arian ng Lungsod.

G. Ang mga pederal na ahensya at tauhan ng imigrasyon ay nakikibahagi sa mga gawain sa buong bansa na lumalabag sa konstitusyonal at karapatang pantao ng mga indibidwal na may mga operasyon at gawain na lumalabag sa soberanya ng mga pamahalaan ng estado at lokal na ginagarantiyahan ng Konstitusyon. Direktang naapektuhan ang mga tao sa Bend at Central Oregon ng pamamaraang ito ng pagpapatupad.

H. Kasama sa pag-uugaling ito ang pag-aresto at pagkulong sa mga indibidwal nang walang naaangkop na proseso; pagtanggap magbahagi ng impormasyon tungkol sa dahilan ng pag-aresto sa isang indibidwal o sa lokasyon kung saan ikukulong ang isang indibidwal; regular na pagsusuot ng mga maskara at pagtanggap magbigay ng pagkakakilanlan kapag hiniling; hindi pakikipagtulungan o hindi pakikipagtulungan sa napapanahong paraan sa mga lokal at pang-estadong awtoridad na responsable sa pagsisiyasat ng mga insidente na maaaring may kinalaman sa mga potensyal na krimen o paglabag sa mga karapatan ng mga indibidwal; at pagtatanong sa mga residente at bisita tungkol sa kanilang katayuan sa imigrasyon batay sa kanilang lahi, etnisidad, wika, accent, trabaho, o presensya sa ilang partikular na lokasyon tulad ng mga lugar ng day-labor, mga hintuan ng bus, mga car wash, at mga paradahan.

I. Sumasalamin ang mga kamakailang aksyon sa pagpapatupad ng batas sa isang nakakabahalang padron ng mga paglabag sa konstitusyon at karapatang pantao ng mga pederal na awtoridad sa pagpapatupad ng imigrasyon. Kasama sa mga kasuklam-suklam na aksyong ito ang hindi kinakailangan at hindi makatwirang karahasan at ang trahedyang pagkawala ng buhay ng tao.

J. Nagdulot ang mga hindi kinakailangang taktika na ginagamit ng mga pederal na awtoridad sa pagpapatupad ng imigrasyon ng malawakang takot sa komunidad, na nagiging sanhi ng takot ng mga tao na umalis ng kanilang mga tahanan upang pumasok sa trabaho at paaralan, kumuha ng mga serbisyo ng Lungsod, sumakay sa pampublikong transportasyon, dumalo sa mga appointment sa doktor, at iba pang kinakailangang pang-araw-araw na gawain. Dahil dito, pinagkakaitan ang mga bata ng access sa pampublikong edukasyon, ang mga indibidwal ay pinipigilan na humingi ng kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, negatibong naapektuhan ang mga lokal na negosyo, at maaaring mag-atubiling makipagtulungan ang mga tao sa mga lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas upang mag-ulat, malutas, at maiwasan ang krimen. Para sa mga indibidwal at pamilya, nakakaapekto ito sa kalusugang pangkaisipan at pangkalahatang kagalingan, na lumilikha ng pakiramdam ng kawalang-tatag mula sa pamumuhay sa isang patuloy na estado ng emergency.

K. Makikita ang mga epekto ng kasalukuyang pederal na pamamaraan sa pagpapatupad ng imigrasyon sa pagpapatibay ng Gobernador noong Enero 30, 2026, ng Executive Order 26-04. Ang Executive Order, bukod sa iba pang mga bagay, ay nagtatatag ng Interagency Council for Immigrant and Refugee Coordination. Ang layunin ng Konseho ay i-coordinate ang mga panloob na pagsisikap ng mga ahensya bilang tugon sa pagtaas ng aktibidad ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon sa pamamagitan ng paggamit ng mga umiiral na mapagkukunan upang matiyak ang pagkakahayan sa mga batas at kasanayan sa santuwaryo ng Oregon, at sa gayon ay palakasin ang mga umiiral na programa ng estado upang suportahan ang mga komunidad ng mga imigrante at refugee. Kabilang sa iba pang mga bagay, may tungkuling mag-coordinate at tukuyin ng Konseho ang imprastruktura na kinakailangan para sa patuloy na pakikipagtulungan sa pagitan ng mga ahensya, kabilang ang pagtatatag ng mga pare-parehong kasanayan at pagtiyak ng maaasahang komunikasyon sa pagitan ng mga ahensya ng estado at sa mga komunidad sa buong Oregon. Sinusuportahan ng Lungsod ng Bend ang pagsisikap na ito.



L. Kasama rin sa sesyon ng lehislatura ng Oregon noong 2026 ang pagbibigay-diin sa pagbibigay ng proteksyon para sa mga mahihinang taga-Oregon. Nagpatibay ang lehislatura ng mga panukalang batas na, bukod sa iba pang mga bagay, ay nagpapalakas sa seguridad ng datos at impormasyon kaugnay ng impormasyon tungkol sa katayuan ng imigrasyon, nag-aatas sa mga pampublikong paaralan na ipaalam sa mga estudyante, magulang, at kawani kapag naroon ang mga awtoridad sa pagpapatupad ng imigrasyon, at naglilimita sa paggamit ng mga pantakip sa mukha ng mga ahensya ng pagpapatupad ng batas at mga opisyal ng pagpapatupad ng batas na tumatakbo sa loob ng estado.

M. Kinakailangan ang aksyon ng Kongreso sa komprehensibong reporma sa imigrasyon, kabilang ang isang makatotohanang landas tungo sa pagkamamamayan para sa lahat ng naghahangad na maging Amerikano. Ang mga dekada ng hindi pagkilos ng kongreso ang lumikha ng krisis na ito at kinikilala namin na matagal na ang panahon para ayusin ang batas sa pamamagitan ng paglikha ng patas at responsableng mga patakaran sa imigrasyon na nagbibigay ng ligal na katayuan para sa mga matagal nang residente na nag-ambag sa ating mga komunidad, lumikha ng landas tungo sa pagkamamamayan para sa mga naghahangad na maging Amerikano, at sinisiguro ang mga hangganan ng Amerika sa gayon ay tinitiyak ang ating pangmatagalang kaunlarang pang-ekonomiya at kaligtasan ng komunidad.

N. Nagsusumikap ang mga halal na opisyal at kawani ng Bend sa iba't ibang paraan upang matugunan ang mga negatibong epekto ng mga aksyon ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon sa ating komunidad. Binigyang-diin ng input ng komunidad ang pangangailangan para sa karagdagang suporta para sa mga indibiduwal at pamilya sa Bend na nakararanas at maaaring makaranas ng kawalan ng seguridad sa ekonomiya at emosyonal, pagkagambala, at iba pang mga epekto ng mga aktibidad ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon. Hindi mapipigilan ng Lungsod ang mga pederal na awtoridad sa imigrasyon sa pagpapatakbo sa Bend at hindi rin maaaring makialam sa mga operasyon ng pederal na pamahalaan. Gayunpaman, maaari at nilalayon ng Lungsod na, sa pamamagitan ng resolusyong ito, ay tumulong sa pagtugon sa mga lokal na pangangailangan na may kaugnayan sa mga hindi makatarungang aksyon ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon.

Resolusyon

Batay sa mga natuklasang ito, nagpasiya ang Konseho ng Lungsod ng Bend ng mga sumusunod:

1. Pinagtibay muli ng Lungsod ng Bend ang pangako nitong maging isang malugod at inklusibong lungsod at sa pagprotekta sa mga tao sa abot ng aming makakaya mula sa takot, diskriminasyon, at hindi makatarungang mga kasanayan sa pagpapatupad ng pederal na imigrasyon. Bilang tugon sa lumalawak na mga aksyon ng pederal na imigrasyon na nagbabanta sa mga kalayaang sibil at tiwala ng komunidad, inuulit ng resolusyong ito ang pangako ng Lungsod na suportahan at sumunod sa mga Batas ng Pangako ng Sanctuary ng Oregon at muling pinagtibay na hindi gagamitin ang mga mapagkukunan ng Lungsod upang ipatupad ang mga pederal na batas sa imigrasyon.
2. Malinaw na kinokondena ng Lungsod ng Bend ang maling paggamit ng pagpapatupad ng batas pang-imigrasyon kapag may motibong pampulitika ito, o kapag ginawa sa paraang lumalabag sa angkop na proseso o tinatarget ang mga taong ginagamit ang kanilang mga karapatan na protektado ng konstitusyon.
3. Ipinapahayag ng Lungsod ng Bend na kahit kailan sumapi ang isang tao sa ating komunidad o saan man sila nagmula, nararapat ang bawat tao na maging malaya sa takot at pananakot at tratuhin nang may dignidad at respeto.
4. Kinondena ng Lungsod ng Bend ang kasalukuyang pederal na pamamaraan ng pagpapatupad ng imigrasyon, kabilang ngunit hindi limitado sa mga aksyon na tumatarget sa ating mga mag-aaral at



pamilya at nanawagan para sa agarang pagwawakas sa mga naturang aksyon, na mayroong nakadidiring epekto sa mga paaralan, komunidad, at sa ating estado.

5. Nanawagan ang Lungsod ng Bend sa lahat ng halal na opisyal, kabilang ang mga miyembro ng Kongreso mula sa Oregon, na hayagang kondenahin ang mga aksyong labag sa konstitusyon, humingi ng agarang pangangasiwa at transparency mula sa mga ahensya ng pagpapatupad ng imigrasyon, at magsikap upang matiyak na ang mga karapatan ng lahat ng indibiduwal—anuman ang katayuan sa imigrasyon—ay ganap na protektado sa ilalim ng Konstitusyon.

6. Hinihimok ng Lungsod ng Bend at ng Konseho ng Lungsod ang delegasyon ng Kongreso ng Oregon na kinabibilangan nina Kinatawan Bonamici, Hoyle, Salinas, Bentz, Dexter at Bynum, at mga Senador na sina Wyden at Merkley na unahin ang batas na nag-aalok ng komprehensibong reporma sa imigrasyon na umaayon sa pagpapatupad nito sa ating mga pangangailangang pang-ekonomiya, mga pagpapahalagang makatao, at mga realidad sa komunidad.

7. Inaatasan ng Konseho ng Lungsod ang mga kawani na patuloy na makipag-ugnayan sa mga kasosyo sa komunidad—kabilang ang mga tagapagtaguyod ng karapatan ng mga imigrante, mga tagapagbigay ng serbisyong ligal, mga institusyong pang-edukasyon, mga lokal na may-ari ng negosyo, mga pinuno ng kapitbahayan, at mga pinuno ng pananampalataya—at iba pang mga lokal na pamahalaan upang bumuo at magpanatili ng mga programa para sa komunikasyon, outreach, at suporta sa komunidad upang matugunan ang mga epekto ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon sa mga panahon ng emergency. Produkto ang resolusyong ito, sa bahagi, ng mga pakikipagtulungang pagpupulong sa pagitan ng mga miyembro ng Konseho ng Lungsod, mga kawani ng Lungsod, at mga kasosyo sa komunidad. Dapat magpatuloy ang koordinasyong ito at dapat kasama ang mga regular na pagpupulong at/o iba pang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga kawani ng Lungsod at mga kasosyo sa komunidad sa mga kaugnay na paksa, kabilang ang gawain ng Lungsod sa pagbuo ng isang koalisyon laban sa poot at diskriminasyon.

8. Inaatasan din ng Konseho ng Lungsod ang Tagapamahala at mga kawani ng Lungsod na regular na suriin ang mga umiiral na programa at serbisyo upang matukoy ang mga paraan upang higit pang mapahusay ang mga layunin ng resolusyong ito at ipatupad ang mga pinakamahuhusay na kasanayan at patakaran para sa mga komunidad na naapektuhan ng imigrasyon.

9. Inaatasan ng Konseho ng Lungsod ang Tagapamahala ng Lungsod na magbigay ng \$100,000 sa Latino Community Association (LCA). Ilalaan ang pondo para sa LCA sa dalawang magkaibang layunin: 1) \$50,000 sa LCA bilang administrador upang magbigay ng tulong at suporta sa mga pamilya, indibiduwal, at/o grupo sa loob ng magkakaibang komunidad ng mga imigrante sa Bend na direktang naapektuhan ng mga aksyon ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon; at 2) \$50,000 sa LCA upang suportahan ang kanilang tungkulin bilang isang patuloy na pangunahing kasosyo para sa mga serbisyong may kaugnayan sa organisasyon at suporta ng Welcoming Week. Kasama sa direksyong ito ang pahintulot para sa City Manager na bumuo ng anumang kaugnay na programa o proseso, kabilang ang anumang mga kondisyon o kinakailangan na sa pagpapasya ng City Manager ay mahalaga, upang maglaan, maggawad, at mangasiwa ng pondong ipinagkaloob ng resolusyong ito. Dapat kasama sa pangangasiwa ng pondo ang mga kondisyon sa mga pinapayagang paggamit, pagiging karapat-dapat, pagsubaybay at pag-uulat, at anumang iba pang elemento o kontrol na itinuturing na kinakailangan ng Tagapamahala ng Lungsod.

10. Magkakabisa kaagad ang resolusyong ito sa oras na mapagtibay.



Pinagtibay ng Konseho ng Lungsod ng Bend

Marso 18, 2026

Oo: Kebler, Franzosa, Mendez, Norris, Perkins, Platt, Riley

Hindi:

Melanie Kebler, Alkalde

Magpatotoo:

Aprubahan ang form:

Ashley Bontje, City Recorder

Ian Leitheiser, Abogado ng Lungsod